BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Provincial Tuberculosis Services

Main Switchboard 604 707 2692
TB Services Fax 604 707 2690

www.bccdc.ca

# CLOFAZIMINE
## CLOFAZIMINE

Ang Clofazimine ay isang antibiotic na ginagamit sa paggamot ng tuberculosis (TB), leprosy at ibang mga may kinalamang impeksyon.

**Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)**

- Inumin ito kasabay ng pagkain o gatas upang makatulong sa pagsipsip sa gamot at upang mabawasan ang pagkasira ng tiyan.
- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

**Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)**

- Mahalagang-mahalagang inumin mo nang regular ang clofazimine.
- Inumin ito tulad ng iniutos ng iyong doktor.

**Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)**

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

Sabihin sa iyong doktor, nars, at parmasyotiko kung **umiinom ka ng anumang ibang mga gamot**, kabilang ang anumang mga produkto na nabibili nang walang reseta.

Iwasan ang sobrang **pagkalantad sa sikat ng araw** o artipisyal na UV light (halimbawa, sunlamps o tanning beds) habang iniinom ang gamot na ito. Maaari kang maging mas sensitibo sa araw kapag umiinom ka ng Clofazimine. Gumamit ng sunscreen at magsuot ng kasuotan na nagbibigay-proteksyon.

**Ano ang ilan sa posibleng side effects o mga masasamang epekto? (What are some possible side effects?)**

- alibadbad, pagsusuka, at diarrhea
- pagkahilo o pagkaantok
- panunuyô ng balat o mga mata
- pangangati

# **CLOFAZIMINE** (pagpapatuloy)
## **CLOFAZIMINE** (cont'd)

**Mag-ingat (Caution): Tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas:**

- di-karaniwang pagkakapagod o pagkahina
- walang tigil na alibadbad o pagsusuka
- paninilaw ng balat o mga mata (maaaring orange kung ang iyong balat o mga mata ay pula o brownish black na)
- malubhang pananakit ng tiyan
- may dugo o maitim at malapot na dumi
- pagkahilo o di-regular na tibok ng puso
- singaw sa balat

**Sabihin sa iyong doktor kung nakakaranas ka ng anumang mga 'di-karaniwang sintomas na hindi nabanggit sa papel na impormasyon na ito.**

Ang iyong mga luha, laway, pawis, ihi, dumi, at lining ng mga pilikmata ay maaaring maging **kulay red hanggang brownish-black** dahil sa gamot na ito. Maaari rin nitong baguhin ang kulay ng balat, mula pula hanggang brown, na parang may tan. Ito'y hindi mapanganib at maaaring bumalik sa dati, pero maaaring abutin nang ilang panahon bago bumalik sa normal pagkatapos ng therapy.

**Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa pag-inom ng clofazimine? (What else do I need to know about taking clofazimine?)**

- Sabihin sa iyong doktor o nars kung ikaw ay **buntis**, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.
- Sabihin sa iyong doktor kung nagsusuot ka ng soft contact lenses.

**Saan ko dapat itago ang gamot na ito? (Where should I store this medication?)**

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata.
- Protektahan mula sa liwanag.
- Capsules: Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang mahigpit na saradong lalagyan sa isang malamig at tuyong lugar.

**Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)**

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: ___________________________________

| | |
|---|---|
| Vancouver TB Services Clinic: | 604-707-2692 |
| New Westminster TB Services Clinic: | 604-707-2698 |
| BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: | 604-707-2580 |



Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions.
Better health.
ACCREDITED • AGRÉÉ • CCHSA • CCASS
*A research and teaching centre affiliated with UBC*